Tagalog

# Pag-iingat sa Contact

**Impormasyon para sa mga Pasyente, mga Pamilya, at mga Bisita**

## Bakit ko ba nakuha ang pamphlet na ito?

Ang lahat ng mga tao ay may germs. Ang karamihan ng germs ay hindi mapanganib, at ang ilan ay nakakatulong. Gayunman, ang ilang germs ay maaaring magdulot ng sakit sa mga tao at maaari itong kumalat nang mabilis sa ospital. Layunin naming protektahan ang aming mga pasyente, ang kanilang mga pamilya, at ang mga bisita mula sa mga germs na iyon. Ang germs na madaling kumalat sa loob ng isang ospital at na nagdulot ng sakit sa ibang mga pasyente ay nahanap sa iyong katawan. Ang Contact Precautions (Pag-iingat sa Contact) ay isang paraan upang itigil ang pagkalat ng germs mula isang tao patungo sa iba.





## Ano ang Contact Precautions

Ang Contact Precautions ay mga simpleng kilos na nagtutulungan para bagalan o itigil ang pagkalat ng germs na ito. Ang mga simpleng aksyon ay ang paghugas ng mga kamay at paghiwalay sa iyo at sa iyong mga kagamitan mula sa ibang mga pasyente.

## Paano Iwasan ang Pagkalat ng Impeksyon sa Healthcare Facilities at sa Tahanan

### HOSPITAL

**Gagawin ng healthcare staff ang sumusunod:**

- Ilalagay ka sa isang single room kung mayroon nito o isasara ang mga kurtina sa paligid ng iyong kama kung ikaw ay nasa isang kuwarto kasama ng ibang mga pasyente.
- Maglalagay ng Contact Precaution sign sa iyong pinto o sa mga kurtina para ipaalala sa ibang mga tao na pumapasok sa iyong kuwarto na may mga takdang pag-iingat na kailangang gawin.
- Madalas nilang huhugasan nang Mabuti ang kanilang mga kamay.
- Magsusuot sila ng gown na may mahabang manggas at ng guwantes kapag direkta ka nilang inaalagaan.
- Regular nilang lilinisin at ididisinfect ang kagamitang ginamit sa kuwarto.

**Dapat mong:**

- Linisin ang iyong mga kamay bago ka lumabas ng iyong kuwarto.

**Dapat gawin ng Pamilya at mga Bisita ang sumusunod:**

- Huwag tulungan ang ibang mga pasyente sa kanilang personal na pangangalaga dahil maaari nitong ikalat ang germs.
- Magsuot ng gown at guwantes kapag nagbibigay sila ng direktang pangangalaga sa iyo.
- Tanggalin nila ang gown at guwantes at itapon ang mga ito sa isang lalagyan ng linen/basurahan na nasa iyong kuwarto oras na tapos na sila sa pangangalaga sa iyo.
- Linisin ang kanilang mga kamay bago sila bumisita, pagkatapos nilang tanggalin ang mga guwantes at gown, at bago sila lumabas ng iyong kuwarto.

### OUTPATIENT CLINIC

**Gagawin ng healthcare provider ang sumusunod:**

- Lilinisin nila ang kanilang mga kamay at magsusuot sila ng gown at guwantes bago magbigay ng pangangalaga.
- Madalas nilang huhugasan nang Mabuti ang kanilang mga kamay.

**Dapat mong:**

- Gawin ang hand hygiene gamit ang alcohol-based hand rub kapag ikaw ay papasok at lumabas.
- Gaumamit ng tissue sa clinic setting para takpan ang iyong ubo at/o bahing at itapon ang mga tissue sa basurahan na naroroon. Linisin ang iyong mga kamay pagkatapos itapon ang tissue.

### PANGMATAGALANG PANGANGALAGA

**Gagawin ng healthcare staff ang sumusunod:**

- Lilinisin nila ang kanilang mga kamay bago at pagkatapos nila magbigay ng pangangalaga.

**Dapat mong:**

- Linisin ang iyong mga kamay tuwing lalabas ka ng iyong kuwarto, bago kumain, at pagkatapos gumamit ng toilet.

**Kung nagdibelop ka ng impeksyon:**

- Maaaring ilagay ka sa Contact Precautions habang ikaw ay ginagamot para sa impeksyon.
- Maaaring hindi ka pahintulutang lumabas ng iyong kuwarto o lumahok sa mga aktibidad sa panahong ito.
- Ang staff ay magsusuot ng gown at guwantes kapag nagbibigay ng pangangalaga.
- Ang pamilya at mga bisita ay maaaring hilinging magsuot ng gown at guwantes kung tutulong sila sa iyong pangangalaga.
- Oras na successful na nagamot ang impeksyon, makakalabas ka na ng iyong kuwarto at makakalahok ka muli sa mga aktibidad.

### TAHANAN

**Gagawin ng healthcare staff ang sumusunod:**

- Madalas nilang lilinisin ang kanilang mga kamay at magsusuot sila ng gown at guwantes kapag nagbibigay sila ng pangangalaga.
- Dadalhin nila ang kanilang sariling hand hygiene products.

**Dapat mo at/o ng iyong pamilya gawin ang sumusunod:**

- Siguraduhin na ang staff ay may access sa malinis na lababong may maligamgam na tumutulong tubig, kung kinakailangan.
- Maghanda ng basurahan para sa medical waste at personal protective equipment.
- Linisin ang iyong mga kamay bago ka magprepara ng anumang pagkain, bago ka kumain, pagkatapos mo gumamit ng toilet, at pagkatapos mo bumahing, umubo, o suminga.
- Labhan ang mga kasuotan at mga kobre kama tulad ng paglaba sa ibang lalabhan para sa tahanan.
- Gawin ang rutinang paglilinis gamit ang karaniwang household disinfectants.

Vancouver Coastal Health

For more copies, go online at http://vch.eduhealth.ca
or email phem@vch.ca and quote Catalogue No. BA.300.C66.TL
© Vancouver Coastal Health, November 2023

PATIENT APPROVED PUBLIC
Making better decisions together with patients and families